

INFORM



Publikasyon ng Ministry of Manpower (MOM) para sa mga Migrant Domestic Worker (MDW) sa Singapore

Alam mo ba?

Alam mo ba na ang MOM ay nakatanggap ng halos 2,000 reklamo tungkol sa posibleng illegal na deployment at nagsagawa ng legal na aksyon laban sa mahigit 400 nagkamaling employer sa nakaraang 3 taon?



Sa ilalim ng **Employment Foreign Manpower Act 1990 (EFMA 1990)**, ang mga MDW ay pinahihintulutan lamang na magsagawa ng mga gawaing bahay sa mga address ng tirahan na idineklara ng MOM. Hindi sila maaaring magtrabaho para sa kahit na kanino o para sa negosyo ng kanilang employer.

Ipaalam sa MOM kung ikaw ay nasa ganitong sitwasyon:



Tumawag sa MDW Helpline:
1800 339 5505



Mag-ulat sa MOM gamit ang sumusunod na link: www.mom.gov.sg/eservices/services/report-an-infringement



I-scan dito upang malaman ang listahan ng makakatulong na contact



Para sa iba pang impormasyon tungkol sa iyong pagtatrabaho sa Singapore, bumisita dito:



Publications and resources
(mom.gov.sg)



Ministry of Manpower
| Facebook

Naaalagaan mo ba ang sarili mo?

Nalulungkot ka ba at mabilis mapagod, o walang ganang kumain? Ito ang mga senyales ng stress. Kung ikaw ay nabibigatan o humaharap sa ilang problema, ibahagi ito sa iba. Mapapabuti nito ang pakiramdam mo.





Maaari ka ring tumawag sa alinman sa sumusunod na helpline para sa tulong:

MOM Helpline para sa mga MDW: 1800 339 5505

CDE (Centre for Domestic Employees): 1800 225 5233

FAST (Foreign Domestic Worker Association for Social Support and Training): 1800 339 4357

AEAS (The Association of Employment Agencies): 6836 2618



Pag-iwas sa Dengue

Ang Dengue ay kumakalat sa pamamagitan ng kagat ng lamok na Aedes, na posibleng maging nakamamatay. Ang kailangan lamang ay kasing liit ng 20-sentimong patak ng tubig upang dumami sila!

Gawin natin ang bahagi natin upang tanggalin ang nakaimbak na tubig at pigilan ang lamok na magpadami sa pagsunod sa tuntuning **B-L-O-C-K**.



Break - basagin ang matigas na lupa

Lift - iangat at linisin ang pinggan ng masitera

Overturn - Itaob ang mga timba at punasan ang kanilang gilid

Change - palitan ang tubig ng mga vase


Keep - panatiliing malinis ang alulod ng bubong at maglagay ng BTI insecticide

Proteksyon sa Sarili

Protektahan ang sarili at ang pamilya ng iyong employer mula sa Dengue, lalo na kung ikaw ay nakatira kung saan laganap ang dengue, gamit ang mga sumusunod na hakbang:



Mag-spray ng insecticide sa madidilim na sulok sa loob ng bahay.



Regular na maglagay ng insect repellent.



Magsuot ng may mahahabang manggas at mahahabang pantalon.

Paano ko malalaman kung epektibo ang repellent?



Ang mga repellent na naglalaman ng DEET, picaridin o IR3535 bilang aktibong sangkap ay epektibo at ligtas.



Ang mga natural na repellent (hal. mga essential oil tulad ng citronella at eucalyptus) ay batay sa epekto at kailangang mas madalas maglagay.

Huwag manghihiram ng pera mula sa mga Hindi Lisensyadong Nagpapautang!

Ang mga hindi lisensyadong nagpapautang sa Singapore ay naniningil ng mataas na interes. Dahil dito ay mahihirapan kang magbayad ng utang. Pagbabawalan ka ng magtrabaho sa Singapore kapag nalamang nanghiram ka ng pera sa mga hindi lisensyadong nagpapautang.

Kung nahaharap ka sa pangangailangang pinansyal, humingi ng tulong at makipag-usap sa iyong employer. Huwag ilagay ang sarili at ang pamilya ng iyong employer sa panganib sa panghihiram ng pera sa mga hindi lisensyadong nagpapautang.

Sundin ang Ginintuang Tuntunin – Palaging gumastos ayon sa kakayanan!

Mag-ingat sa mga Loan Scam!

Nakatanggap ng mensahe sa text/WhatsApp na nag-aalok ng loan? Inutusan ka bang maglipat ng pera bilang deposito bago makuha ang loan? Maaaring senyales ito ng loan scam.

Iwasang maging biktima ng mga scam na ito sa pagsunod sa mga sumusunod na hakbang:

- Huwag sumagot sa mga loan advertisement mula sa mga platform ng pagmemensahe sapagkat madalas ay mula ito sa mga hindi lisensyadong sindikato ng pera.
- Palaging, **HUWAG PANSININ, I-BLOCK AT IULAT** ang mga hindi inaasahang loan advertisement sa WhatsApp o mga third party application.
- Huwag ibigay ang iyong personal na impormasyon tulad ng bank account number o numero ng pasaporte sa hindi mo kilala.
- Huwag ilipat ang iyong pinaghirapang pera sa hindi mo kilala.

Kung nagdududa, tumawag sa Anti-Scam hotline sa 1800 – 722 6688